MGA PANUNTUNAN:

Globe- 0956-712-6571 Smart- 0920-274-9858

Alinsunod sa imposisyon ng Enhanced Community Quarantine at Stringent Social Distancing Measures sa buong Luzon na iniutos ni Pangulong Rodrigo Duterte, ang mga sumusunod ay ipatutupad sa LUNGSOD NG LIPA simula alas dose ng madaling araw (12:00 AM) ng 17 ng Marso 2020 hanggang alas dose ng madaling araw (12:00 AM) ng ika-13 ng Abril 2020.

- 1. Strict home quarantine. Bawal pong lumabas ng bahay maliban kung bibili ng pagkain, gamot o may emergency na pupuntahan.
- 2. Suspendido ang klase sa lahat ng antas at sa lahat ng paaralan (publiko o pribado);
- 3. Ang operasyon ng mga pampublikong bus, jeepney, FX, UV Express, Point-to-Point (P2P) buses, ay SUSPENDIDO.
- 4. Ang mga pampribadong sasakyan ay papayagan para bumili ng pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan o upang ihatid sa trabaho ang tao na kabilang sa mga exempted (health, disaster, palengke at iba pang exempted). Isa lamang ang dapat nasa loob ng sasakyan. Ang tricycle ay ituturing na pampribado kung isa lang ang nakasakay at ang paglabas ay para sa pagbili ng pagkain at pangunahing pangangailangan o upang ihatid sa trabaho ang tao na kabilang sa mga exempted (health, disaster, palengke at iba pang exempted).

Kung wala pong masakyan maaari pong makipag-ugnayan sa inyong barangay upang magamit ang inyong patrol pero kailangang may social distancing sa patrol.

- 5. Ang mga pinapayagan lamang na maglakbay ay ang mga uniformed personnel na nasa opisyal na kapasidad, lalo na ang mga may dala ng medical supplies, laboratory specimens na may kaugnayan sa COVID-19, at iba pa para sa humanitarian assistance;
- 6. Isang (1) tao lamang sa bawat tahanan ang maaaring lumabas upang mamili ng mga pangunahing pangangailangan. Maaaring gamitin ang pribadong sasakyan para sa ganitong layunin;
- 7. Ang mga establisyemento na papayagan mag operate ay ang mga naghahatid ng pangunahing pangangailangan subalit dapat sumunod sa strict skeletal workforce rule and social distancing measures:

a.Public market - Wet and Food Section only (Bukas mula 4:00AM hanggang 4:00PM)/

Night Market

b.Supermarkets c.Sari-sari Store

d.Karenderya, Restaurants, Fast Food chains - Walang Dine In, ang maaari lamang ay

Take out and Delivery.

e.Groceries

f.Convenience stores

g. Hospitals

h.Medical clinics, Pharmacies and Drug stores i.Manufacturing and processing plants of basic food products and medicines

j.Food preparation and delivery services

I.Money transfer services, Banks m.Water, power, energy and

telecommunication supplies and facilities

8. BPO establishments and export-oriented industries, pero dapat ang kanilang mga foreigners na staff ay may temporary accommodation na malapit sa kanilang company para maiwasan ang pagtatravel.

Ang mga empleyado ng mga nabanggit na establisyemento na naninirahan sa labas ng Lipa ay papayagan pumasok pero dapat sumailalim sa thermal scanning at magpakita ng ID na sila ay empleyado ng nasabing establisyemento.

Ang BPO ay binibigyan ng 24 hrs ng National Government para maglabas ng guidelines ukol sa work from home arrangement

- 9. Ayon po sa DOTr, ang mga hotels po ay di pinapayagan mag operate maliban sa mga sumusunod:
 - a. Guests na may existing bookings para sa foreigners as of March 17, 2020
 - b. Guests na may existing long-term leases
 - c. Employees na kabilang sa exempted establishments
- 10. Media personnel ay papayagan mag travel kung nakakakuha sila ng ID sa PCOO;
- 11.lpinagbabawal ang lahat ng mass gatherings or pagtitipon: pista, assemblies, meetings, liga at iba pa.
- 12. Ayon sa mandato ng Simbahan ay:
 - a. Walang Misa sa lahat ng Simbahan pero bukas ang Simbahan sa mga nais magdasal;
 - b.Dini-discourage ang mga Kasal, Binyag, Kumpil, Kumpisal
 - c.Burol dalawang araw lamang at kapamilya lamang ang pinapayagan maglamay. Maaring pumunta ang pari para magbasbas pero walang Misa:
 - d. Anointing of the sick at kumpisal ng mamamatay lamang ang pinapayagan
- 13.Ang Lipeñong galing sa labas ng Lipa (ibang bansa or sa loob ng Pilipinas) ay dapat mag self-quarantine sa loob ng 14 na araw.
- 14.AANTAYIN PO NATIN ANG GUIDELINES NG DBM, DSWD, DOF AT DTI tungkol sa social amelioration ng affected workers and residents tungkol sa mga sumusunod:
 - a. Moratorium sa rental fees
 - b.13th month pay
- 15. Ang Batelec at Water District ay dapat magbigay ng extension ng pagbabayad at bawal magtanggal ng connection ng kuryente or tubig.

 16. Lahat ng Multinational Companies (i.e Globe, PLDT, Sun) at Financial Institutions (pribado or pampubliko) na nagbibigay ng moratorium sa pagbabayad at may branch office sa Lipa ay dapat magbigay din ng pribilehiyo sa mga Lipeno.
- 17.Ang mga reseta ng gamot na na-issue noong January 1, 2020 to March 17, 2020 ay dapat kilalanin ng mga pharmacies at drug store hanggang sa matapos ang Enhanced Community Quarantine.
- 18. Ipadadala ng Local Government ang tulong pagkain sa inyong mga barangay para sa mga lubhang naapektuhan at walang kakayahang lagdong ang pamilya sa oras ng Public Health Emergency.

Kayang kaya, kung Nagkakaisa...Patuloy na Mag-ingat at Manalangin
MAYOR ERIC AFRICA